


## GAWAIN:

I. Tukuyin ang hugis ng mga sumusunod na larawan. Isulat ang titik ng tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| A. tatsusok  | B. parisukat  | C. parihaba  |

| | | |
|---|---|---|
|  1. ________________ |  2. ________________ |  3. ________________ |
|  4. ________________ |  5. ________________ | |

II. Ilang panig (*sides*) mayroon ang mga sumusunod na hugis?

a. tatsulok: _____________

b. parisukat: _____________

c. parihaba: _____________

III. Ilang sulok (*corners*) mayroon ang mga sumusunod na hugis?

a. tatsulok: _____________

b. parisukat: _____________

c. parihaba: _____________

## GAWAIN:

### A. Ipakilala ang Sarili at ang Pamilya


Buuin ang mga sumusunod na pangungusap sa tulong ng mga magulang o tagapag-alaga.

1. Ako si _____________.
2. Ako ay __________ taong gulang.
3. Kasama ko sa bahay sina ________________________.

(Halimbawa: nanay, tatay, ate, kuya, lola, lolo)

### B. Gumawa ng "Family Tree Drawing"

1. Magdikit o gumuhit ng simpleng larawan ng bawat miyembro ng iyong pamilya sa paligid ng puno.
2. Isulat ang pangalan ng bawat isa at kung sino sila sa pamilya.



## GAWAIN:

I. Suriin kung ano ang iyong mga kakayahan at mga bagay na gusto mong gawin.

| Ano ang kaya mong gawin? | Ano ang gusto mong gawin? |
|---|---|
| *Halimbawa: Marunong akong gumuhit.* | *Halimbawa: Gusto kong sumayaw.* |
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |

II. Iguhit ang iyong mga natatanging kakayahan.

| Ako ay: |
|---|
| |

## GAWAIN:

I. Tingnan ang mga katangian sa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) kung ito ay katangiang pisikal ng mga Pilipino. Lagyan ng ekis (x) kung hindi.

| Katangian | Tsek o Ekis |
|---|---|
| 1. Kayumanggi ang balat | |
| 2. Maitim ang buhok | |
| 3. Matangos ang ilong | |
| 4. Matangkad | |
| 5. Tuwid ang buhok | |

*Paalala: Ang mga Pilipino ay may iba't-ibang pisikal na katangian. Lahat tayo ay natatangi at dapat ipagmalaki.*

II. Gamit ang iba't-ibang uri ng linya, hugis, at kulay, iguhit ang iyong sarili. Ipakita ang iyong mukha, buhok, balat, at iba pang bahagi ng katawan.

## GAWAIN:

Isagawa ang tamang paraan ng paghuhugas ng kamay. Sundin ang mga hakbang sa ibaba:

1. Basain ang mga kamay gamit ang tubig.
2. Lagyan ng sabon ang mga kamay.
3. Kuskusin ang mga kamay sa loob ng 15 segundo.
    i. Kuskusin ang pagitan ng mga daliri.
    ii. Likod ng mga kamay
    iii. Dulo ng mga daliri
    iv. Ilalim ng mga kuko
4. Banlawan ang kamay sa ilalim ng umaagos na tubig.
5. Tuyuin ang mga kamay gamit ang tuwalya, tissue, o malinis na tela.
6. Kung maaari, gamitin ang tuwalya, tissue, o tela upang isara ang gripo.

## GAWAIN:

Sa tulong ng mga magulang o tagapag-alaga, bilangin ang mga sumusunod na bagay sa inyong tahanan o paligid:

*mga kutsara, plato, unan, payong, at mga pares ng tsinelas*

Kumpletuhin ang talahanayan sa ibaba.

| **Mga Bagay** | **Numero** *hal: 5* | **Numero sa mga Salita** *hal: lima* |
|---|---|---|
| kutsara | | |
| plato | | |
| unan | | |
| payong | | |
| pares ng tsinelas | | |

## GAWAIN:

1. Pumili ng limang (5) bagay sa bahay o paligid.
   *Halimbawa: tinidor, bintana*
2. Sa tulong ng magulang o tagapag-alaga, punan ang talahanayan sa baba.
3. Basahin ang bawat salita at pumalakpak sa bawat pantig n bibigkasin.
4. Iguhit ang mga bagay sa huling hanay.

| salita | pagpapantig | bilang ng mga pantig | larawan |
|---|---|---|---|
| tinidor | ti-ni-dor | 3 |  |
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |
| 4. | | | |
| 5. | | | |

## GAWAIN:

Tingnan ang mga bagay sa iyong paligid. Suriin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga ito.

Gumuhit ng pares ng mga bagay ayon sa hinihingi sa bawat kahon. Isulat ang pangalan ng bawat bagay sa ilalim ng larawan.

| | |
|---|---|
| magkatulad ang hugis | magkaiba ang hugis |
| magkatulad ang kulay | magkaiba ang kulay |

## GAWAIN:

I. Bilugan ang mga salitang nagpapakita ng mga pangunahing pangangailangan ng tao.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| k | a | n | i | n | p |
| g | u | l | a | y | r |
| l | e | s | v | k | u |
| w | k | a | q | u | t |
| a | w | f | l | b | a |
| s | a | n | d | o | s |

II. Isulat sa talahanayan sa baba ang mga salitang iyong nahanap. Tukuyin kung ito ay **pagkain, bahay,** o **kasuotan.**

| Mga Salitang Nakita | Anong Uri? |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

**GAWAIN:**

Tumutulong ka ba sa mga simpleng gawain sa bahay bilang bahagi ng iyong tungkulin sa pamilya?

Punan ng tsek ( ✓ ) ang angkop na hanay sa "Super Helper Chart."


**Super Helper Chart**

| Mga Gawain | Nagawa | Hindi Nagawa |
|---|---|---|
| 1. Pagwawalis | | |
| 2. Paghuhugas ng plato | | |
| 3. Pagpupunas ng sahig | | |
| 4. Pagtutupi ng damit | | |
| 5. Pagdidilig ng halaman | | |

**GAWAIN:**

Sa tulong ng mga magulang o tagapag-alaga, pumili ng limang (5) bagay sa iyong tahanan o paligid na nais mong sukatin.

Sukatin ang haba ng bawat bagay gamit ang haba ng iyong kamay (hand span). Tingnan ang ilustrasyon sa ibaba para sa gabay.



Itala ang kabuuang bilang ng mga haba ng kamay sa bawat bagay.

| **pangalan ng bagay** | **kabuuang bilang ng haba ng kamay** |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

Sagutin ang mga sumusunod.

1. Aling bagay ang may pinakamaikling sukat?
2. Aling bagay ang may pinakamahabang sukat?
3. Mayroon bang mga bagay na magkapareho ang sukat?
4. Magkapareho ba ang haba ng mga bagay kung ang nanay o tatay mo ang susukat? Ipaliwanag ang iyong sagot.

**GAWAIN:**

Maglibot sa loob ng bahay o paligid kasama ang magulang o tagapag-alaga. Kilalanin ang mga salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, hayop, bagay, at lugar.

Isulat ang pangalan ng mga nakitang bagay sa tamang kahon.

| **Tao** | **Hayop** |
|---|---|
| *halimbawa: nanay, ate* | *halimbawa: aso, pusa* |
| **Bagay** | **Lugar** |
| *halimbawa: mesa, laruan* | *halimbawa: kusina, paaralan* |

**GAWAIN:**

Iguhit sa loob ng kahon ang paborito mong laruan.

Magbigay ng tatlong salita na naglalarawan sa paborito mong laruan.

1. 

2. 

3. 

## GAWAIN:

Basahin ang mga sitwasyon sa gawain sa ibaba. Gumuhit ng ☺ kung ito ay karapatan ng bata, at ☹ kung hindi.

| | |
|---|---|
| 1. Paglalaro ng video games | |
| 2. pag-aaral | |
| 3. pagkakaroon ng pagkain at inumin | |
| 4. hindi pagsasabi ng totoo sa magulang | |
| 5. pagkakaroon ng pangalan | |

Lahat ng karapatan ay mahalaga. Sa iyong palagay, bakit mahalaga na may karapatan ang mga bata?

**GAWAIN:**

Ang "alkansyang parangarap"ay isang larawan ng alkansya kung saan ilalagay mo ang mga bagay na gusto mong bilhin o makamit.

1. Gumuhit ng iyong sariling disensyo ng alkansya.
2. Isipin at iguhit sa loob ng alkansya ang iyong mga pangarap.

**Ang Aking Alkansyang Pangarap**

## GAWAIN:

Tanungin ang dalawang nakatatandang kasama mo sa bahay o sa paligid (tulad ng iyong magulang, lolo, lola tita, tito o tagapag-alaga) kung sino-sino ang kanilang mga kapatid mula sa pinakamatanda hanggang sa bunso.

Punan ang talahanayan sa baba.

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan ng dalawang nakatatanda | | |
| Sino ang **una** sa mga kapatid ng bawat isa? | | |
| Sino ang **ikalawa** sa mga kapatid ng bawat isa? | | |
| Sino ang **ikatlo** sa mga kapatid ng bawat isa? | | |

**GAWAIN:**

Sa tulong ng mga magulang o tagapag-alaga, pumili ng isang tao, isang hayop, isang bagay, at isang lugar sa iyong paligid.

Obserbahan ang kanilang mga katangian at sagutin ang mga tanong:

- Ano ang kulay nito?
- Malaki ba o maliit?
- Mabango ba o mabaho?
- Malambot ba o matigas?

Punan ang talahanayan sa baba. Isulat ang pangalan ng mga napili at ilarawan ang bawat isa. Sa huling hanay, bumuo ng pangungusap gamit ang mga ito.

| Pangalan | Salitang naglalarawan | Pangungusap |
|---|---|---|
| *hal: pusa* | *mabalahibo* | *Ang pusa ay mabalahibo.* |
| *hal: kwarto* | *maliit* | *Ang aming kwarto ay maliit.* |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

## GAWAIN:

Pagsusunod-sunurin ang mga gawain bago pumasok sa paaralan.

Lagyan ng bilang 1-5 ang mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod ng iyong mga gawain bago pumasok sa paaralan.











## GAWAIN:

I. Maglagay ng tsek (✓) sa tabi ng salita o parirala kung nagsasaad ng tungkulin at ekis (x) kung hindi.

**Tungkulin sa Sarili**

1. Pagligo araw-araw
2. Pag-aaral ng mabuti
3. Pagsesepilyo ng ngipin

**Tungkulin sa Tahanan**

1. Paghuhugas ng pinagkainan
2. Hindi pagsunod sa utos ng magulang
3. Paglilinis ng kuwarto

**Tungkulin sa Kapaligiran**

1. Pagtatapon ng basura sa ilog
2. Paglilinis ng bakuran
3. Pagtatanim ng mga halaman

**Tungkulin sa Pamayanan**

1. Hindi paggalang sa relihiyon ng iba
2. Pagtulong sa kapwa
3. Paggalang sa watawat ng Pilipinas

II. Sa tulong ng mga magulang o tagapag-alaga, gumawa ng collage o gumuhit ng larawan na nagpapakita ng pagganap ng mga tungkulin sa sarili, sa tahanan, sa kapaligiran, at sa pamayanan.

## GAWAIN:

Mag-isip ng isang paboritong hayop.

Sa tulong ng mga magulang o tagapag-alaga, gumawa ng isang **Botelyang Pet**. Ito ay lalagyan ng mga lapis o ballpen na ginawang mukha ng paboritong hayop gamit ang bote o malinis na lalagyan.

Mga Kagamitan:

a. Malinis na plastic bottle o lalagyan (Halimbawa: Mineral Water 500ml)
b. Gunting (Magulang lamang ang puwedeng gumamit)
c. Papel o karton
d. Glue o Pandikit
e. Mga palamuti (Halimbawa: butones, tali, pambalot, dahon, yarn, atbp.)
f. Krayola o marker

Gawin ang mga sumusunod kasama ang mga magulang o tagapag-alaga.

1. Ihanda ang bote o lalagyan.
   - Hugasan at patuyuin.
   - Gamit ang gunting (magulang lamang ang gagamit), putulin ang itaas na bahagi. Iiwan ang bandang ibaba, mga 4-5 pulgada ang taas.
2. Balutin o Kulayan
   - Balutin ng papel o karton.
   - Puwede ring iguhit o kulayan gamit ang krayola o marker.
3. Lagyan ng palamuti.
   - Idikit ang mga dekorasyon para maging mukha ng alagang hayop.
4. Ilagay ang mga lapis o ballpen sa loob.

## GAWAIN:

Tanungin ang mga miyembro ng iyong pamilya kung ano ang petsa ng kanilang kapanganakan. Isulat ang mga petsa sa ibaba at ayusin ang mga ito ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga buwan sa isang taon.

| Pangalan ng Miyembro ng Pamilya | Petsa ng Kapanganakan |
|---|---|
| | |

Sagutin ang mga sumusunod.

1. Sino ang unang magdiriwang ng kaarawan sa iyong pamilya?

2. Sino ang huling magdiriwang ng kanyang kaarawan sa iyong pamilya?

3. Anong buwan ang iyong kaarawan?

4. Aling buwan ang paborito mo? Bakit?

**GAWAIN:**

A. Basahin ang kuwento sa ibaba:

**Ang Go Bag ni Belen**

Bago matulog, inihanda ni Belen ang kanyang go bag sa kanyang kuwarto. May laman itong flashlight, tubig, biskwit, damit, at *first aid kit*. Sabi ng kanyang magulang, "Handa tayo palagi, anak." Ngumiti si Belen at sinabi, "Kahit may sakuna, hindi ako matatakot. Handa ako!"

B. Sagutin ang mga sumusunod.

1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?

2. Saan naganap ang kuwento?


3. Ano ang mga pangyayari?

C. Sa tulong ng iyong magulang o tagapag-alaga, punan ang talahanayan sa ibaba.

| Tauhan (Character) | Tagpuan (Setting) | Pangyayari (Events) |
|---|---|---|
| *Halimbawa: Eli at ang aso* | *Sa parke* | *Tinulungan ni Eli ang aso.* |
| | | |

## GAWAIN:

Kulayan ang larawan ng gawain na paborito mong gawain sa paaralan.



## GAWAIN:

1. Sa tulong ng mga magulang o tagapag-alaga, gumawa ng isang poster ng iyong pamilya o mga taong mahalaga sa iyo.
2. Maari kang gumuhit o gumupit ng mga larawan ng bawat kasapi ng iyong pamilya o mga taong kasama mo sa araw-araw.
3. Isulat ang pangalan ng mga taong bumubuo ng inyong pamilya, tahanan, o mga mahal mo sa buhay.

**Ang Aking Pamilya**

**GAWAIN:**

Lagyan ng masayang mukha ☺ kung ang kilos ay nagpapakita ng paggalang sa pook-dalanginan at malungkot na mukha ☹ kung hindi.


| | |
|---|---|
| ☐ | 1. Magalang na pananalangin. |
| ☐ | 2. Pagtakbo sa loob ng banal na lugar. |
| ☐ | 3. Paggamit ng cellphone habang may pagtitipon. |
| ☐ | 4. Pagbibigay galang sa tagapanguna ng gawain. |
| ☐ | 5. Pakikipag-away sa paligid banal na lugar. |

**Worksheet 26: MATH 1**


## GAWAIN:

Sa tulong ng mga magulang o tagapag-alaga gawin ang sumusunod. Maghanda ng dalawang maliit na piraso ng papel na magkapareho ang laki at hugis.

a) Tiklupin ang unang papel sa kalahati. Buksan ito at kulayan ang isang bahagi. Tingnan ang ilustrasyon sa ibaba.



b) Tiklupin ang pangalawang papel sa kalahati, pagkatapos ay tiklupin itong muli sa kalahati. Buksan ang papel at kulayan ang isang bahagi. Tingnan ang ilustrasyon sa ibaba.



c) Idikit ang dalawang papel na ito sa ibaba. Lagyan ng label ang may kulay na bahagi ng mga papel na $\frac{1}{2}$ at $\frac{1}{4}$ ayon sa pagkakabanggit.

Sagutin ang mga sumusunod.

1. Ilang $\frac{1}{2}$ na bahagi ang kailangan para mabuo ang kabuuan?

2. Ilang $\frac{1}{4}$ na bahagi ang kailangan para mabuo ang kabuuan?

3. Alin ang mas malaki: $\frac{1}{2}$ o $\frac{1}{4}$?

## GAWAIN:

A. Basahin maikling kwento sa ibaba.

### *Si Mimi at ang Nawalang Laruan*

Isang araw, si Mimi ay naglalaro sa kanilang sala. Nang matapos siyang maglaro, hinanap niya ang kanyang paboritong manika ngunit hindi niya ito makita. Tinawag niya ang kanyang Nanay at nagsabi, "Nanay, hindi ko po mahanap ang manika ko!" Sumagot si Nanay, "Naalala mo ba kung saan mo ito huling nilaro?" Napaisip si Mimi at bumalik sa kusina. Doon niya nakita ang manika sa ilalim ng upuan. Masaya siyang bumalik sa sala at niyakap ang kanyang manika.

B. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang **problema** sa kuwento?
2. Ano ang **solusyon** sa problema?
3. Kung ikaw si Mimi, ano ang iyong gagawin kung may nawala kang gamit?

C. Guhit Galing! Iguhit ang dalawang sitwasyon sa baba.

| | |
|---|---|
| Si Mimi habang naghahanap ng kanyang manika. | Si Mimi na masayang nahanap na ang manika. |

## GAWAIN:

Iguhit o isulat ang mga sumusunod upang mapanatili ang kalinisan sa tahanan at paligid:

**Noon** - Ano ang ginagawa mo dati?

**Ngayon** - Ano ang gagawin mom ula ngayon?

| NOON | NGAYON |
| --- | --- |
| | |

**GAWAIN:**

Mag-isip ng isang tao sa paaralan na gusto mong pasalamatan. Gumawa ng liham o *card* ng pasasalamat para sa kanya.

Sagutin ang mga sumusunod.

1. Ano ang tungkulin ng taong iyong pinili?

2. Bakit siya ang iyong pinili?

**GAWAIN:**

Lagyan ng ♡ ang patlang kung tama ang ginagawa ng pamilya sa pamayanan at △ kung hindi.

__________ 1. Pagtulong sa mga gawaing barangay

__________ 2. Pagtatapon ng basura kung saan-saan

__________ 3. Pakikibahagi sa mga clean-up drive

__________ 4. Pagsigaw at pakikipag-away sa kapitbahay

__________ 5. Paggalang sa mga tagapamuno ng barangay